

Ang anesthesia at iyong timbang

Ipapaliwanag ng polyetong ito kung paano at bakit nagiging sanhi ng komplikasyon at panganib sa operasyon at anesthesia ang karagdagang timbang sa katawan. Ipapaliwanag din nito kung ano ang mga pwedeng gawin upang mabawasan ang komplikasyon bago, tuwing, at pagkatapos ng operasyon. Iminumungkahi namin na basahin mo ang polyetong ito at ang isa pa naming polyeto, **Ikaw at ang iyong anesthetic**, na maaari mong basahin sa iba't ibang wika:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages

Mga Nilalaman

- Ang anesthesia at ang labis na katabaan.
- Mga panganib sa kalusugan na naidudulot ng labis na katabaan at labis na timbang.
- Mga medikal na kondisyong naidudulot ng labis na katabaan.
- Pagbabawas ng panganib sa kalusugan.
- Ang mga dapat asahan tuwing at pagkatapos ng operasyon.
- Mga karagdagang impormasyon.

Panimula

Kung labis ang iyong katabaan at ikaw ay may balak na sumailalim sa operasyon, mas malaki ang iyong tsansyang magkaroon ng komplikasyon.

Karaniwang dinaranas ng mga taong may labis na katabaan ang mga panghuhusga o kahihyan mula sa lipunan. Bagama't ang labis na katabaan ay isang karaniwang isyu sa lipunan, hindi ito dapat maging dahilan para ikaw ay tratuhin na iba sa mga ospital. Ang mga ospital ng NHS ay nagbibigay ng mataas na kalidad sa pag-aalaga at mayroon silang mga patakarang nakatuon sa pagpapanatili ng iyong dignidad.

Tinatrato ng mga anestesista at siruhano (surgeon) ang labis na katabaan bilang isang medikal na kondisyon na maaaring makadulot ng mas malaking panganib sa iyong kalusugan tuwing operasyon. Kaya't mahalagang pag-usapan ng mga tao ang labis na katabaan at mga panganib na naidudulot nito ng may bukas na isip, para maging sangkot ka sa mga desisyon tungkol sa iyong kalusugan at pagpapabuti ng iyong kinalabasan.

Ang mga anestesista ay mga eksperto sa pagtutuunan ng mga posibleng komplikasyong naidudulot ng labis na katabaan.

Ang Society for Obesity and Bariatric Anaesthesia (SOBA) (www.sobauk.co.uk) ay ifinatag upang mapahusay ang pagsaalang-alang ng mga anestesista sa mga pasyenteng may labis na katabaan.

Ano ang labis na katabaan at paano ito nasusukat?

Ang body mass index (BMI) ay isang kalkulasyon para malaman kung ang iyong timbang ay wasto. Ginagamit ng mga anestesista ang BMI para alamin ang tamang dosis ng mga gamot na anesthetic para sa mga pasyente. Maaari mong malaman ang iyong BMI gamit ang BMI Health Weight Calculator ng NHS: www.nhs.uk/live-well/healthy-weight/bmi-calculator. Ang BMI ay isa sa mga sukat na nagagamit sa kontekstong medikal para ipangkat ang labis na katabaan.

Mga uri ng BMI

Kulang sa timbang	Mababa pa sa 18.5
Malusog na timbang	Mula 18.5 - 24.9
Sobra sa timbang	Mula 25 - 29.9
Obesity class 1	Mula 30 - 34.9
Obesity class 2	Mula 35 - 39.9
Obesity class 3	Higit pa sa 40

Ang pagsukat ng iyong baywang ay isa rin sa mga paraan para alamin kung mayroong labis na timbang sa paligid ng iyong tiyan. Ito ay mahalaga dahil ang labis na timbang sa gitna ng katawan ay mas nakakadagdag sa tiyansa ng pagkakaroon ng sakit sa puso, diabetes, at stroke.

Kahit gaano ka man katangkad o kabigat, dapat magbawas ka ng timbang kung ang baywang mo ay:

- 94 cm (37 inches) o higit pa para sa kalalakihan
- 80 cm (31.5 inches) o higit pa para sa kababaihan

Mas malaki ang magiging panganib at kailangang ipaalam sa doktor kung ang baywang mo ay:

- 102 cm (40 inches) o higit pa para sa kalalakihan
- 88 cm (34 inches) o higit pa para sa kababaihan

Sanggunian: NHS Health A-Z (nhs.uk/conditions).

Ang mga panganib at nakabahaging pagdedesisyon sa kalusugan

Ligtas ang mga modernong anesthetic. Subalit, may mga karagdagang panganib ito sa mga taong may labis na katabaan at labis na timbang.

Tatalakayin ng iyong anestesista ang mga panganib na sa palagay niya ay mas mahalaga mong malaman. Tatalakayin lang nila ang mga hindi karaniwang panganib kung makakaapekto ang mga ito sa iyong kalusugan.

Maaari mong basahin ang mga iba pang detalye **tungkol sa mga panganib naidudulot ng anesthesia** sa aming website, na maaari mong basahin sa iba't ibang wika: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages

Kung mayroon kang makabuluhang labis na timbang, maaaring mas mahirap gawin ng doktor ang mga iba't ibang mahahalagang proseso tuwing operasyon at anesthesia, tulad ng:

- paghahanap ng ugat na pagtuturuan ng mga gamot at likido. Maaaring ilang beses itong isasagawa sa iyo at magresulta ito sa pagkakaroon ng mga pasa sa braso, ngunit mahalaga ito upang mabigyan ka ng anesthetic
- pagbabantay sa presyon ng iyong dugo
- paglalagay ng tamang dosis ng gamot na pampakalma, lalo na kung mayroon kang obstructive sleep apnea (OSA), sa iyong katawan (tingnan ang susunod na bahagi)
- pagpasok ng breathing tube sa iyong trakeya (airway sa lalamunan) para makatulong sa iyong paghinga at siguraduhin na sapat lang ang antas ng iyong oxygen tuwing operasyon. Sa mga ibang sitwasyon, maaaring lagyan ka ng breathing tube habang gising ka. Maaari mong alamin ang mga iba pang impormasyon tungkol sa **iyong airway at paghinga habang naka-anesthesia** sa aming website, na maaari mong basahin sa iba't ibang wika: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages
- paggalaw nila sa iyo sa tamang posisyon para sa operasyon. Maaaring hilingin ng doktor na iposisyon ang sarili mo sa kama (operating table) para mabawasan ang pangangailangan ng mga staff na galawin ka.

Bilang karagdagan impormasyon, ang mga pasyente na may labis na katabaan ay posibleng:

- mas matagal na gumaling pagkatapos ng anesthetic
- mas malaki ang tyansang magkaroon ng mga impeksyon sa dibdib at mga sugat pagkatapos ng kanilang operasyon
- mas mataas ang tyansang magkaroon ng pinsala sa katawan na dulot ng presyon
- mas matagal ang pagpirmi sa ospital pagkatapos ng operasyon.

Paano ako susuriin para sa operasyon?

Kailangang mong puntahan ang preoperative assessment clinic (preassessment) mga ilang linggong bago ka magpa-opera. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng telepono, birtuwal, o pisikal na konsultasyon. Susuriin ng mga tauhan sa klinika ang iyong medikal na kasaysayan, kakalkulahin ang iyong BMI, at isasagawa ang mga kinakailangang pagsusuri. Isa rin itong pagkakataon para magtanong at makibahagi sa mga desisyon tungkol sa iyong kalusugan.

Ang kundisyong nakalista sa ibaba ay maaaring magdala ng karagdagang panganib kapag nagsasagawa ng operasyon at anesthesia at kaya mahalagang talakayin ang mga ito sa preoperative assessment.

Obstructive sleep apnea

Ang OSA ay isang sakit sa pagtulog (sleeping disorder) at nauugnay sa pagkakaroon ng mas mataas na BMI. Hindi alam ng maraming taong magpapaopera na posibleng mayroon pala silang OSA at kaya dapat sumailalim muna sila ng screening bilang bahagi ng kanilang preoperative assessment.

Ang OSA ay maaaring humantong sa:

- pahinto-hintong paghinga sa gabi
- tensiyon o stress sa puso at baga
- hindi maayos na tulog
- labis na pagkapagod buong araw
- hindi normal na paghinga, na maaaring magdulot ng carbon dioxide build-up at pagbaba ng antas ng oxygen.

Maaari mong alamin ang mga iba pang impormasyon tungkol sa OSA sa:

www.nhs.uk/conditions/sleep-apnoea

Mahalagang isaalang-alang ang OSA kapag sumasailalim sa anesthesia dahil maaaring maging labis na sensitibo ka sa mga gamot na anesthetic at pampakalma, at painkillers dahil sa katamtaman o malubhang OSA. Ang mga gamot na ito ay maaaring magpalala sa mga sintomas ng OSA. Kung mayroon kang OSA, maaaring magplano ang pre-assessment team na magpagaling ka sa high dependency unit (HDU) upang masubaybayan nang mabuti ang iyong kondisyon pagkatapos ng operasyon.

Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong diagnosis ng OSA?

Kung mayroon ka nang diagnosis ng OSA, mangyaring ipaalam sa pre-assessment team. Kailangan nilang malaman ang kalubhaan ng OSA mula sa iyong nakaraang pagsusuri sa diagnostic, mga detalye ng espesyalista na namamahala sa iyong OSA at kung anong paggamot ang mayroon ka. Kung gumagamit ka ng continuous positive airway pressure (CPAP) para gamutin ang iyong OSA, napakahalagang dalhin ang iyong personal na CPAP machine sa ospital upang magamit mo ito kaagad pagkatapos ng iyong operasyon.

Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ay maaari akong magkaroon ng OSA?

Kung nag-aalala ka na maaaring mayroon kang OSA, dapat mong tanungin ang iyong doktor tungkol sa screening sa sandaling malaman mo na kailangan mo ng operasyon o talakayin ito sa pre-assessment team.

Kung walang oras para imbestigahan ka para sa OSA bago ang operasyon, ngunit itinuturing ka ng iyong anestesista at pre-assessment team na mataas ang panganib, maaari ka nilang tratuhin bilang isang pasyenteng may OSA upang panatilihin kang ligtas sa panahon ng operasyon, at dapat kang kumunsulta sa iyong doktor kapag nakabawi ka na.

Ang ilang mga pasyente ay nag-aalala na ang pagkakaroon ng OSA o pinaniniwalaang OSA ay magkakansela ng kanilang operasyon. Hindi ito ang kaso. Sa katunayan, para mapanatili kang ligtas at maayos na planuhin ang iyong pangangalaga, mahalagang magkaroon ng bukas na mga talakayan tungkol sa pinaniniwalaang o na-diagnose na OSA sa pangkat na nangangalaga sa iyo.

Type 2 na diyabetes

Nangyayari ito kung ang iyong katawan ay naging resistant sa hormone na insulin, na kumokontrol sa antas ng asukal ng iyong dugo.

Maaaring makahanap ka pa ng higit pang impormasyon tungkol sa type 2 na diyabetes sa: www.nhs.uk/conditions/type-2-diabetes

Ang mga pasyente na may diyabetes ay nasa mas mataas na panganib ng impeksyon pagkatapos ng operasyon dahil maaaring mas mabagal ang kanilang paggaling. Mas tumataas ang panganib na magkaroon ng impeksyon kung may mataas na antas ng asukal ang iyong dugo, kaya naman mahalaga ang mabuting pagkontrol ng antas ng asukal sa oras ng iyong operasyon. Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong kontrol sa asukal sa dugo, kumuha ng appointment nang maaga upang makita ang iyong GP o nars na eksperto sa diyabetes na makakatulong sa pagbibigay ng payo sa iyo..

Thrombosis (pamumuo ng dugo)

Ang labis na katabaan ay nakapagpapataas ng panganib na mamuo ang dugo. Ang mga namuong dugo sa puso, бага o utak ay maaaring magdulot sa iyo ng labis na karamdaman o maging nakamamatay. Ang panganib na pagkakaroon ng namuong dugo ay tumataas sa panahon at pagkatapos ng operasyon, kaya mahalaga na gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang panganib na ito. Maaaring asahan na hikayatin ka na maging aktibo hangga't maaari bago at pagkatapos ng operasyon; malamang na hihilingin sa iyo na magsuot ng compression stockings at, kapag nasa kama, maaaring ilagay ang iyong mga binti sa mga intermittent calf compressor (mga aparato na nagpapataas ng daloy ng dugo sa iyong mga binti at pumipigil sa mga namuong dugo). Bukod dito, maaari kang resetahan ng mga iniksyon o tableta na nagpapababa ng dugo.

Mataas na presyon ng dugo at sakit sa puso

Ang labis na katabaan ay nauugnay sa mataas na presyon ng dugo, mataas na kolesterol at sakit sa puso. Ang mga pasyente na nabubuhay ng may labis na katabaan ay maaari ring magdusa mula sa hindi regular na tibok ng puso.

Ang anesthesiya at operasyon ay maaaring magdulot ng karagdagang tensyon o stress sa katawan at puso. Ang pagkakaroon ng labis na katabaan ay maaaring magtaas ng panganib ng atake sa puso o pagpalya ng puso o mga arrhythmias (abnormal na ritmo ng puso) habang at pagkatapos ng operasyon.

Tulad ng ibang mga medikal na kondisyon, mahalagang malaman ng anesthetic team kung mayroon kang alinman sa mga sakit na ito at ang iyong presyon ng dugo ay maayos na pinangangasiwaan bago ang operasyon. Bagama't susuriin ang iyong presyon ng dugo sa araw ng operasyon, ang mahusay na kontrol sa presyon ng dugo

sa mga linggo at buwan bago ang operasyon ay makakabawas ng panganib ng mga problema sa puso habang at pagkatapos ng operasyon. Makipag-ugnayan sa iyong GP sa sandaling malaman mo na kakailanganin mo ng operasyon kung nag-aalala ka na ang iyong presyon ng dugo ay hindi mahusay na nakontrol.

Heartburn

Ang heartburn ay ang pananakit ng dibdib dahil sa pag-akyat ng asidong mula sa tiyan papunta sa lalamunan (acid reflux). Ang mga pasyente na sobra sa timbang o nabubuhay ng may labis na katabaan ay mas maaaring magkaroon ng kondisyong ito. Ang ilang mga tao ay maaaring ituring ang heartburn bilang isang maliit na karamdaman, ngunit maaari itong humantong sa mga komplikasyon sa panahon ng anesthetic.

Kung may heartburn, mayroong mas mataas na panganib na mapunta sa baga ang mga nilalaman ng tiyan habang nasa ilalim ng anesthetic. Ang breathing tube ay kadalasang ginagamit upang bawasan ang panganib na ito, ngunit mayroon pa ring panganib na ang ilang nilalaman ng tiyan ay maaaring makapasok sa mga baga bago ilagay ang breathing tube o maaari nitong lampasan ang breathing tube.

Ang maingat na pagsunod sa patnubay sa pag-aayuno ng pangkat ng pre-assessment at ang paggamit ng regular na antacid na gamot ay maaaring mabawasan ang mga panganib na ito. Karamihan sa mga pasyente ay pinapayuhan na uminom ng kanilang antacid na gamot sa araw ng operasyon.

Ano ang maaari kong asahan sa araw ng operasyon?

Para sa mga pasyenteng nabubuhay ng may labis na katabaan, susundan ang parehong hakbang ng pangangalaga tulad sa mga pasyenteng hindi nabubuhay nang may labis na katabaan. Maaari kang makahanap ng higit pang impormasyon sa leaflet na **Ikaw at ang iyong anesthetic** na available sa aming website sa iba't ibang wika dito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages

Gayunpaman, mayroong ilang mga bagay na maaaring kailangang gawin sa ibang paraan ng anesthetist at ng surgical team. Ang mga ito ay tatalakayin sa iyo kapag nakita ka nila sa araw ng operasyon.

Ang mga sumusunod ay mga bagay na maaaring karagdagan/ibang-iba.

- Maaaring hilingin sa iyo na iposisyon ang iyong sarili sa operating table.
- Maaari kang tumanggap ng anesthetic sa silid ng operasyon kapag nasa tamang posisyon ka, sa halip na nasa silid ng operasyon. Ang mga silid ay maaaring maging abalang kapaligiran, ngunit lahat ng naroon ay kasangkot sa iyong pangangalaga.
- Ikaw ay bibigyan ng oxygen upang huminga bago ka matulog, tulad ng lahat ng pasyente, ngunit maaaring gawin ito sa pamamagitan ng iyong ilong sa halip na isang mask.
- Maaaring mahirap ipasok ang cannula (isang manipis na plastik na tubo na ipinapasok sa daluyan ng dugo upang magbigay ng mga gamot at likido) at maaaring kailanganin ang ultrasound (imaging equipment na ginagamit upang makita ang loob ng katawan). Maaaring kailangan ng maraming pagsubok.

- Kung ang iyong anesthetist ay nag-aalala tungkol sa tumpak na pagbabantay sa presyon ng iyong dugo sa panahon ng operasyon, maaari nilang talakayin ang iba pang mga paraan kung paano ito magagawa. Halimbawa, maaaring magpasya ang anesthetist na gumamit ng isang espesyal na cannula na inilagay sa isang arterya (isang arterial line)
- Ikaw maaring matulog nang nakaupo sa 45 degrees o higit pa.

Ang pagkagising at pagkatapos ng operasyon

- Kapag labis ang katabaan, mas mataas ang tiyansang kakailanganin kang ipasok sa high dependency unit (HDU) o sa intensive care unit (ICU) pagkatapos ng iyong operasyon, partikular pagkatapos ng ilang uri ng operasyon. Kung ito ang iyong plano, tatalakayin ito bago ang iyong operasyon. Marami ka pang malalaman tungkol sa pananatili mo sa HDU o ICU sa pamamagitan ng pagbabasa sa aming leaflet **Ang iyong anaesthetic para sa malaking pag-operana** makukuha sa aming website: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/leaflets-video-resources
- Kung CPAP machine ang ginagamit, mahikayat kang gamitin ito pagkatapos ng iyong operasyon.
- Kung gagamit ka ng CPAP machine, mahikayat kang gamitin ito pagkatapos hikayatin ang lahat ng pasyente na kumilos sa lalong madaling panahon at dapat handa ka ring gawin ito. operasyon.

Ano ang maaaring gawin ng mga doktor ng anesthesia upang mabawasan ang iyong panganib

Para sa ilang mga pamamaraan, ang mga panganib mula sa general anesthesia ay maaaring mabawasan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng panrehiyong pampamanhid, na nagpapamanhid sa mga ugat sa paligid ng lugar ng operasyon at nagbibigay-daan sa iyong manatiling gising. Kung ang operasyon ay sa ibabang bahagi ng iyong katawan, maaaring mas nababagay ang anestetikong epidural o anestetikong pinapadaan sa gulugod. Ang isa pang benepisyo ng regional na anesthesiya ay pwede kang makagalaw nang mas maaga matapos ang operasyon, na siyang makakabawas sa panganib ng thrombosis.

Gayunpaman, maaaring mas mahirap ilagay ang isang panrehiyong anesthetic kung mayroon kang labis na katabaan at maaaring kailanganin ang maraming pagsubok. Para sa ibang tao, maaaring imposibleng gamitin ang paraan na ito. Tatalakayin sa iyo ng iyong anesthetist ang mga anestetiko na maaari mong pagpilian para sa iyong operasyon kapag dumalo ka sa klinikang nagsusuri bago ang operasyon sa araw ng iyong operasyon.

Maaari mong basahin ang higit pang detalye tungkol sa **mga anesthetic na pang-rehiyon at nerve blocks** matatagpuan ito sa iba't ibang wika dito:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages

Ang mga maari mong gawin upang mabawasan ang mga panganib

Marami kang magagawa habang naghihintay kang magkaroon ng iyong operasyon upang suportahan ang iyong paggaling. Maaari kang tumuon sa pagiging aktibo hangga't maaari at kumain ng balanseng diyeta. Kahit na maliliit na pagbabago ay maaaring mapabuti sa iyong paggaling i at mapalaki ang tiyansa ng tagumpay ng iyong operasyon.

Mangyaring bisitahin ang aming website para sa higit pang impormasyon kung papaano pagahahandaan ang operasyon na matatagpuan sa iba't ibang wika dito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages

Pinagsamang paggawa ng desisyon

Ang pinagsamang paggawa ng desisyon ay nagbibigay ng kasiguruhan na ang mga indibidwal ay sinusupportahan sa mga desisyon na tama para sa kanila. Ito ay proseso ng pagtutulungan kung saan susupportahan ng clinician ang pasyente na magkaroon ng desisyon tungkol sa kanilang paggamot.

Pinagsasama-sama ng pag-uusap ang:

- ang kadalubhasaan ng clinician, tulad ng mga opsyon sa paggamot, ebidensya, panganib at benepisyo
- kung ano ang pinakamahusay na alam ng pasyente: ang kanilang mga kagustuhan, personal na kalagayan, mga layunin, mga pinahahalagahan at paniniwala.

Alamin ang karagdagang impormasyon sa:

www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making

Narito ang ilang tool na magagamit mo para masulit ang iyong mga talakayan sa iyong anesthetist o preoperative assessment staff:

Pagpili ng Matalinong UK BRAN framework

Gamitin ito bilang paalala na magtanong tungkol sa paggamot.

https://bit.ly/CWUK_leaflet

Ang NHS ay may tatlong katanungan

Maaaring mayroong mga pagpipilian tungkol sa pangangalaga ng iyong kalusugan.

https://bit.ly/NHS_A3Qs

Ang Centre sa Perioperative Care (CPOC)

Ang CPOC ay gumawa ng animasyon para ipaliwanag ang pinagsamang paggawa ng desisyon.

www.cpod.org.uk/shared-decision-making

Mga tanong na maaaring mong gusto itanong

Kung may mga katanungan ka tungkol sa iyong anesthetic, isulat ang mga ito (maaari mong gamitin ang mga halimbawa sa ibaba at idagdag ang sariling tanong sa espasyo sa ibaba). Kung nais mong makipag-usap sa anestesista bago ang araw ng iyong operasyon, makipag-ugnayan sa assessment team bago ang operasyon, na maaaring mag-ayos para makausap mo ang anestesista sa telepono o makita sila sa isang klinika.

- 1 May mga natatangi ba akong panganib mula sa anesthetic?**
- 2 Anong uri ng anesthetic ang inirerekomenda para sa aking vascular surgery?**
- 3 Ano ang maaari kong gawin bago ang operasyon upang mabawasan ang aking panganib?**
- 4 ...
- 5 ...
- 6 ...

Buod

Ang mga pasyenteng may sobrang katabaan ay kadalasang inooperahan din sa paraang katulad ng sa ibang mga pasyente.

Mayroong mas mataas na mga panganib, ngunit, kung may oras bago ang operasyon, ang mga ito ay maaaring mabawasan sa pamamagitan ng paggawa ng ilang mga pagbabago sa iyong pamumuhay. Ang lahat ng mga pasyente, anuman ang kanilang timbang, ay pinapayuhan din na sundin ang patnubay na ito dahil ang pinabuting fitness at kalusugan ay maaaring mas makapaghanda sa kanila upang makayanan ang mga pangangailangan ng operasyon at mapabilis ang kanilang paggaling.

Mga Pagkilala

Nais naming pasalamatang ang mga tagapagtaguyod ng pasyente ng Society for Obesity and Bariatric Anesthesia (SOBA) para sa kanilang payo at gabay sa paggawa ng mapagkukunang ito.

Mga pinagkunan ng karagdagang impormasyon

Para sa iyo

- NHS (www.nhs.uk/live-well).
- Ang iyong GP.
- Mangyaring bisitahin ang aming website para sa higit pang impormasyon na available sa iba't ibang wika dito:
www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages:

- Paghahanda para sa operasyon - Mas Maigi, Mas Mabuti, Mas Mabilis
- Anesthesia at panganib.
- Mapagkukunan ng impormasyon: babasahin at video.
- Ang Centre sa pangangalagang pang-operasyon(CPOC), (www.cpoc.org.uk).
- Diabetes UK (diabetes.org.uk).

Para sa iyong mga doktor

- Society for Obesity and Bariatric Anaesthesia (SOBA) (www.sobauk.co.uk).
- Pamamahala ng perioperative ng napakataba na pasyente sa operasyon (<https://bit.ly/periop-obese-patient>).

Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

Sabihin sa amin kung ano ang iyong iniisip

Kung mayroon kang anumang komentong pangkalahatan, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG
020 7092 1500

www.rcoa.ac.uk

Ikalawang Edisyon, Disyembre 2023

Ang leaflet na ito ay rerepasuhin sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglathala.

© 2023 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang leaflet na ito para sa layunin ng paggawa ng mga impormasyong materyal para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan, at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.